

MGA PAGBABAGO SA PAGREREPORT PARA SA CalWORKs AT CALFRESH

PANGALAN NG KASO:	
NUMERO NG KASO:	
NUMERO NG WORKER:	

Dahil tumatanggap ka ng CalWORKs, dapat kang magreport sa loob ng 10 araw kapag ang iyong KABUUANG kita ay umaabot sa isang partikular na antas. Dapat kang magreport tuwing ang kabuuang kita ng iyong sambahayan ay mas malaki kaysa sa iyong kasalukuyang Income Reporting Threshold (IRT).

Ang sukat ng iyong pamilya ay	_____
Ang iyong kita sa kasalukyan ay \$	_____
Ang iyong IRT ay	\$ _____

Paano magrereport?

Kung ang iyong kabuuang kita ay mas malaki kaysa sa halaga ng IRT na nakalista sa itaas, dapat mo itong report sa County **sa loob ng 10 araw**. Maaari mong ireport ang impormasyong ito sa County sa pamamagitan ng pagtawag sa County o pagrereport dito sa pamamagitan ng sulat.

Sa "kabuuan ng buwanang kita" ang ibig naming sabihin ay:

- ⇒ Anumang perang natatanggap mo (kapwa pinagtrabahuan **at hindi pinagtrabahuan**).
- ⇒ Ang halaga *bago* ibinabawas ang anumang kinakaltas. (Ang mga halimbawa ng mga kinakaltas ay: mga buwis, Social Security o iba pang mga kontribusyon sa pagreretiro, mga garnishments, atbp.)

Ano ang mangyayari?

- ⇒ Ang iyong mga benepisyo ay maaaring bababaan o ihihinto batay sa iyong kita at sa iyong IRT.
- ⇒ Maaaring magbago ang iyong IRT kapag nagbabago ang iyong kita o may isang taong dumarating o umaalis sa iyong bahay.
- ⇒ Ipagbibigay-alam sa iyo ng County sa pamamagitan ng sulat tuwing magbabago ang iyong IRT.
- ⇒ Kailangan mo ring ireport sa iyong taunang redetermination/recertification (RD/RC) ang lahat ng kita na tinatanong ng form sa RD/RC, kahit pa naireport mo na ang pera na iyon.

Parusa sa hindi pagrereport

Kung hindi ka magrereport kapag ang iyong kita ay mas malaki kaysa sa limitasyon ng IRT ng iyong sambahayan maaaring makakuha ka ng mas maraming benepisyo kaysa sa nararapat sa iyo. **Dapat** mong ibalik ang anumang sobrang benepisyonang nakukuha mo batay sa kita na hindi mo inirereport. Kung sinasadya mong hindi magreport para makakuha ka ng mas maraming benepisyo, ito ay pandaraya, at maaari kang makasuhan ng krimen.

Kung tumatanggap ka ng CalWORKs, **DAPAT RING ireport mo ang mga bagay sa ibaba sa loob ng 10 araw pagkatapos maganap ang mga ito:**

1. Tuwing may isang taong darating para tumira o aalis sa iyong sambahayan.
2. Tuwing may isang taong darating para tumira, o nasa iyong sambahayan, na nahatulan para sa krimen na may kinalaman sa droga *na hindi naireport noon*.
3. Tuwing may isang taong darating para tumira, o nasa iyong sambahayan, na lumalabag sa isang kondisyon ng probation o parole.
4. Tuwing may isang taong darating para tumira, o nasa iyong sambahayan, na tumatakas sa batas.
5. Tuwing magbabago ang iyong address.

Kung tumatanggap ka ng CalFresh, **DAPAT RING ireport mo ang mga bagay sa ibaba sa loob ng 10 araw pagkatapos maganap ang mga ito:**

1. Lahat ng mandatoryong report na kinakailangan para sa CalWORKs, bukod pa sa IRT (tingnan ang 1-5 sa itaas).
2. Mayroong pagbabago sa pinagmumulan ng iyong kita kabilang ang pagsisimula, pagtigil o pagpapalit ng mga trabaho;
3. Magbabago ang pinagtrabahuang kita nang higit sa \$100.
4. Magbabago ang hindi pinagtrabahuang kita nang higit sa \$50 (maliban para sa CalWORKs o Pangkalahatang Tulong).
5. Magbabago ang gastusin sa renta o utility (kung lilipat ka lamang ng tirahan).
6. Anumang pagbabago sa halaga ng anumang sustento sa bata na ipinag-uutos ng korte.
7. Kung ikaw ay isang taong Malakas ang Katawan na Nasa Tamang Edad na Walang mga Dependent (Able Bodied Adult Without Dependents - ABAWD), dapat mong ireport tuwing bababa ang iyong mga oras sa trabaho o pagsasanay nang mas mababa sa 20 oras sa isang linggo o 80 oras sa isang buwan.

Boluntaryong pagrereport ng impormasyon

Maaari mo ring boluntaryong ireport ang mga pagbabago sa County anumang oras. *Maaari kang makakuha ng mas maraming benepisyo sa pagrereport ng ilang pagbabago.* Halimbawa:

- May isang tao sa iyong bahay ang magbuntis.
- May isang tao sa iyong bahay ang may espesyal na pangangailangan, tulad ng: pagbubuntis, espesyal na diyeta na inirekomenda ng doktor, emergency ng sambahayan, atbp.
- Para sa CalFresh, kung may isang taong may disabilidad o edad 60 o mas matanda ang mayroong bago o mas mataas na mga gastusing medikal mula sa sariling bulsa.